

## ANG PAUNAWANG ITO AY DAPAT IPAGKALOOb SA IYO SA ILALIM NG BATAS NG CALIFORNIA

Tumanggap ka ng emerhensiyang pangangalaga sa isang ospital na hindi bahagi ng ugnayan ng tagapagkaloob ng iyong planong pangkalusugan. Sa ilalim ng batas ng estado, ang emerhensiyang pangangalaga ay dapat bayaran ng iyong planong pangkalusugan kahit saan mo natanggap ang pangangalagang iyon. Ang doktor na nangangalaga sa iyo ay nagpasiya na ikaw ay maaaring ligtas na ilipat sa ibang ospital para sa karagdagang pangangalaga na kailangan mo. Dahil hindi mo na kailangan ang emerhensiyang pangangalaga, ang iyong planong pangkalusugan ay hindi nagpahintulot ng iba pang pangangalaga sa ospital na ito.. Ang iyong planong pangkalusugan ay nakipag-ayos para ilipat ka sa isang ospital na kasama sa ugnayan ng tagapagpakaloob ng iyong planong pangkalusugan. Kung sumasang-ayon ka na ilipat, ang iyong planong pangkalusugan ay magbabayad para sa pangangalaga sa iyo sa ospital na iyon.. Ang kailangan mo lamang bayaran ay ang iyong deductible o maibabawas, kabahagi sa babayaran, o kabahagi sa seguro para sa pangangalaga. Hindi mo kailangang bayaran ang iyong deductible o maibabawas, mga kabahagi sa babayaran, o kabahagi sa seguro para sa mga gastos sa transportasyon sa ibang ospital na sakop ng iyong planong pangkalusugan.

**KUNG PINILI MONG MANATILI SA OSPITAL NA ITO PARA SA IYONG KARAGDAGANG PANGANGALAGA, KAILANGAN MONG BAYARAN ANG BUONG GASTOS SA PANGANGALAGA NGAYON NA HINDI MO NA KAILANGAN NG EMERHENSIYANG PANGANGALAGA.** Sa halagang ito ay maaaring kabilang ang halaga ng doktor o mga doktor, ng ospital, at anumang laboratoryo, radyolohiya, o ibang mga serbisyo na natatangap mo. Kung sa palagay mo ay hindi ka ligtas na maililipat, kausapin ang doktor tungkol sa iyong mga inaalala. Kung gusto mo ng karagdagang tulong, maaari kang makipag-ugnayan sa:

- Kagawaran sa mga serbisyo sa miyembro ng iyong planong pangkalusugan. Tingnan ang iyong kard ng miyembro ng planong pangkalusugan para sa numero ng telepono. Maaari kang magsampa ng karaingan sa iyong plano.
- The Department of Managed Health Care's Help Center sa 1-888-466-2219. Ang Sentro ng Tulong ay nakahandang tumulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang Sentro ng Tulong ay maaaring makipag-ayos sa iyong planong pangkalusugan upang harapin ang iyong mga inaalala, pero maaaring kailangan mo pa ring bayaran ang buong halaga ng pangangalaga sa ospital na ito kung mananatili ka.

Kung ikaw ay may Medicare na planong pangkalusugan, mayroon kang mga karagdagang karapatan sa apela. Kung ang iyong Medicare na planong pangkalusugan ay nagpasiyang ipadala ka sa ibang ospital, maaari mong hingin sa plano ang isang pinadali (mabilis) na desisyon sa iyong apela. Ang iyong planong pangkalusugan ay dapat na mabilis na magbigay sa iyo ng isang desisyon. Kung gusto mong umapela, tawagan o magpadala ng fax sa iyong planong pangkalusugan, at humingi ng pinadaling apela. Ang ibang tao, tulad ng iyong kamag-anak o doktor, ay maaaring tumawag o magpadala ng fax para sa iyo. Ang iyong doktor o isang kaibigan/kamag-anak ay maaaring tumawag o magpadala ng fax para sa iyo kung magbibigay ka nang nakasulat na permiso - tinatawag na awtorisasyon. Kung ang iyong apela ay ipinagkait, awtomatikong ipaparepaso ng Medicare ang iyong kaso sa isang tagarepaso sa labas ng iyong planong pangkalusugan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng tagarepaso, ipagbibigay-alam sa iyo ang tungkol sa mga karagdagang karapatan sa apela.